



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-117 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA - 8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NAGINANAP NOONG NOBYEMBRE 17, 2015, IKA - 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG HARANGAY ODIONG.

Mga Dumalo:

Pang. Punong Bayan Violeta L. Dimapilis

- Tagapangulo

Konsehal Eduardo K. Soriano

Konsehal Johnell C. Siñel

Konsehal Gualberto M. Magno

Konsehal David D. De La Cruz

Konsehal Ramil O. Dimapilis

Konsehal Juan S. Advincula

Konsehal Elsie F. Galaran

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.

Konsehal Joseph M. Galicia

- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 096

Taong 2015

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG LIBERTAD AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKAT, isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makakatulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;

SAPAGKAT, ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;

SAPAGKAT, isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan nito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

VIOLETA L. DIMAPILIS

FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, sa Barangay Libertad na ikawalong barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Nobyembre 17, 2015 naging maayos, mapuyapu at mahunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng barangay.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang taunang pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng Barangay Libertad at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa kanilang barangay.


IPINASYA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Barangay ng Libertad sa pamamagitan ni Punong Barangay Vicente G. Gante para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay : 17 Nobyembre 2015

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan